

まん延防止等重点措置の延長を受けての学校における新型コロナウイルス感染症の対応について（通知）

(Notice) Tungkol sa Pagtugon ng Paaralan sa Pag extend ng COVID-19 Quasi-emergency measures sa sakit na COVID-19 “New Corona Virus Infection Disease”(タガログ語)

Kami po ay lubos na nagpapasalamat sa inyong pang-unawa at pakikipagtulungan sa mga aktibidad pang-edukasyon ng paaralan.

Bagamat bumababa na ang bilang ng mga infected ng Covid-19 virus, ang Aichi prefecture ay nag extend pa din ng Covid-19 Quasi- emergency measures hanggang sa March 21 (Monday • Holiday) upang mapigilan ang pagtaas ng bed occupancy rate ng mga pasyente sa ospital. At bagama't bumababa na ang bilang ng mga mag-aaral na infected ng virus sa mga paaralan ng Elementary at Junior High School sa lungsod ng Komaki ay patuloy pa ding nakatanggap ng mga report araw-araw na mayroong nahawaan ng virus. Dahil dito, tulad ng nakasulat sa ibaba ay sisikapin na magpatupad ng mga hakbang upang makaiwas sa virus infection sa hinaharap at, hinihiling po namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon sa mga aktibidad pang edukasyon ng paaralan. Maraming salamat po.

NOTE

1 部活動について Tungkol Club activities o “Bukatsu”

- Titingnan ang sitwasyon ng virus infection at unti-unti itong sisimulan muli.
 - Magsisimula muli ang aktibidad sa weekdays simula March 14 (Monday). Ngunit, may posibilidad na magpatuloy ang pag cancel ng aktibidad kung patuloy pa din ang paglaganap ng virus infection.
 - Pansamantalang cancelled ang mga aktibidad tuwing Saturday at Sunday, kabilang na din ang interschool match (Regular game)
- Cancelled ang mga pangunahing City competition sa Elementary at Junior high school.
- Patuloy na cancelled ang Junior Training Activity (kabilang ang ViVa! Sports classes) At para sa buong detalye ay tingnan ito sa website ng Komaki City Sports Association.

2 小学校の卒業式について Tungkol sa Graduation Ceremony ng Elementary

- March 18, 2022 (Friday)
- Walang iimbitahang bisita at, ang mga magsisipagtapos na mag-aaral, mga magulang ng magsisipagtapos na mag-aaral, mga faculty member, napiling mag-aaral at representative ng board of education lamang ang aattend dito.
- Ang paaralan ang mag dedesisyon tungkol sa limitasyon ng bilang ng mga magulang.
- Cancelled din ang pagkanta at iba pa na may kaugnayan sa advance preparation at papaikliin lamang ang oras.

3 マスクの着用について Tungkol sa pagsusuot ng Mask

- Sa pamumuhay sa paaralan ay pangunahing itinuturo ang pagsusuot ng mask upang makaiwas sa virus infection
- Sa oras ng aralin sa P.E bilang regulasyon, ay sasabihan na tanggalin ang mask. Subalit, pinapayagan na mag mask ang mag-aaral na nais na magsuot nito para makaiwas sa virus infection.

4 換気について Tungkol sa Ventilation

- Magsasagawa ng regular ventilation, magsuot ng damit na madaling ma i-adjust ang body temperature.

5 感染者が確認された場合の対応について Mga pagtugon kung napag-alamang nahawaan ng virus

- Kung napag-alaman na nahawaan ng virus ang Mag-aaral gayun din ang mga teacher ng paaralan ay ikukunsulta sa Prefecture’s Hygiene Department at aalamin kung sino ang mga nagkaroon ng close-contact at i-di-disinfect ang Pasilidad.
- Sa pagkakataong ito, ay ipapatupad parin ang pagtugon sa sakit na ito at ipagpapatuloy ang pasok sa paaralan. Subalit depende sa sitwasyon, ay kung kakailanganin ay pansamantalang susupindihin ang

pagpasok sa klase o di kaya ay mas maagang papauwiin ng ang lahat ng Mag-aaral kumpara sa regular na oras ng uwian. At kahit na holiday ay may pagkakataong isarado ang pasilidad ng paaralan.

- Kung napag-alaman na mayroong nahawaan ng virus ay **hindi ipapalam ang pangalan ng paaralan ngunit kung kinakailangan ay ipapadala sa pamamagitan ng e-mail sa mga magulang lamang ng nasabing paaralan sa dahilan na din upang makaiwas sa usap-usapin at pangungutya sa taong nahawaan.**
- May pagkakataon na mag-extend ang pansamantalang pag suspinde ng klase depende sa sitwasyon. At bilang regulasyon ay, habang pansamantalang nakasuspinde ang klase ay ipinapakiusap po namin na manatili sa tahanan ang mga bata.

6 出席の取り扱いについて Tungkol sa Attendance record

- Ang mga mag-aaral na nangangailangan ng Medical care o Mag-aaral na may underlying disease at gayun din ang mga mag-aaral na boluntaryong nag-absent dahil sa safety measures upang maiwasan na mahawa sa virus infection ay **hindi counted as absent ang pag-liban sa paaralan sa halip ito ay magiging Suspension of attendance batay sa komyunikasyon o pakikipag-ugnayan ng magulang sa paaralan.** At kung nais na mag online streaming class ay ipaalam lamang ito sa paaralan.

7 家庭での健康状態の把握について Tungkol sa pag-alam ng kondisyon ng kalusugan sa tahanan

- Pakiusap po na isagawa tuwing umaga ang pag-check sa temperatura at kundisyon ng katawan at pagkatapos ay isulat ito sa 「Health Observation Card」 at ipasa sa Class adviser.
- Pag pahingahin muna sa bahay kung may nararamdamang pananamlay ng katawan, hirap sa paghinga, may lagnat, may ubo o may sintomas ng sakit. Gayundin ay pinapakiusap na i-check din ang kondisyon ng kalusugan ng mga kasama sa bahay.
- Pinapakiusap din na hangga't maaari ay iwasan ang pag-alis at paglabas ng bahay kung hindi naman importante ang lakad.

8 学校への連絡について Tungkol sa pakikipag-ugnayan sa paaralan

- **Kung kabilang sa mga sumusunod na nakasulat sa ibaba, ay tumawag agad sa paaralan at hanapin ang (Assistant Principal or Class Adviser) upang maiwasan ang pagkalat ng sakit. At sa oras ng gabi ng weekdays at sa mga araw ng Sabado at Linggo o sa mga panahon na hindi matawagan ang paaralan ay tumawag lamang po kayo sa City hall. (0568-72- 2101).**
 - Kung na diagnose na nahawaan ng virus ang Mag-aaral o kapamilya.
 - Kung napag-alaman na nagkaroon ng close-contact ang Mag-aaral o kapamilya.
 - Kung ang Mag-aaral o kapamilya ay pinakuha ng PCR test or Antigen test.

偏見や差別、いじめ等の防止について

Tungkol sa Pag-iwas sa Discrimination,

Hindi Magandang Pagturing sa Tao (Prejudice) at Bullying

Hindi ilalathala sa publiko ng Komaki City ang pangalan ng paaralan ng mga mga taong nahawahan at nagkaroon ng closed contact alinsunod sa pag-galang sa karapatang pang tao. Ngunit, nais po naming ipa-unawa sa inyo na kung halimbawang magkakaroon ng pagsuspinde sa pagpasok o pansamantalang pagsasara ng paaralan ay tutugunan ng policy ang pagpapadala ng mail sa mga magulang ng nasabing paaralan kung kinakailangan.

Sa gitna ng pagpapatupad ng education activities at sa pagsisikap na maiwasan ang pagkalat ng sakit ay hindi pa rin alam kung sino at kailan mahahawahan nito. Kung kaya't isusulong pa rin namin na palakihin ang mga bata na mayroong pagsasa alang-alang sa kapwa. **Ipinapakiusap po namin na ito ay bigyan ng pansin maging sa inyong tahanan, upang maiwasan ang panirang puri sa kapwa, pagkalat ng tsismis sa pamilya at sa mga taong may kaugnayan sa taong nahawahan ng sakit na ito.**